

Ikaw at ang iyong anestesiko

Nagbibigay ang leaflet na ito ng impormasyon para tulungan kang maghanda para sa iyong anestesiko o pampamanhid. Sinulat ito ng mga anaesthetist (doktor na nagbibigay ng anestesiko) na nagtutulungan kasama ang mga pasyente at kinatawan ng pasyente. Pinapakita rin nito kung saan makakahanap ng ibang impormasyon na maaaring makatulong.

Ano ang anestisya?

Ang anestisya ay nagpipigil sa iyo na maramdaman ang sakit at mga hindi kaaya-ayang pakiramdam. Maaari itong ibigay sa iba't ibang paraan at hindi nito palaging kinakailangang alisin ang iyong malay.

May iba't ibang uri ng anestisya, depende sa paraan kung paano binibigay ang mga iyon:

Ang lokal na anestisya ay ginagamitan ng mga iniksiyon na nagpapamanhid sa maliit na bahagi ng iyong katawan. Nananatili kang may malay ngunit walang nararamdaman na pananakit.

Ang rehiyonal na anestisya, hal., spinal o epidural, ay ginagamitan ng mga iniksiyon na nagpapamanhid sa mas malaki o mas malalim na bahagi ng katawan. Nananatili kang may malay o nakakatanggap ka ng unting pampakalma, ngunit walang nararamdaman na pananakit. Para sa ilang operasyon, maaaring mapansin mo ang mga pakiramdam na dinidiinan o pinipindot ang balat.

Ang pangkalahatang anestisya ay nagbibigay ng estado ng kontroladong kawalan ng kamalayan. Mahalaga ito para sa ilang mga operasyon at pamamaraan. Wala kang malay at nararamdaman.

Ang pagbibigay ng pampakalma (sedation) ay nagdudulot ng estado na 'parang natutulog' at karaniwan itong ginagamit kasabay ng isang lokal o rehiyonal na anestesiko. Ang pagbibigay ng pampakalma ay maaaring kaunti o marami at maaaring maalala mo ang lahat, ang iilang bagay, o wala kang maalala pagkatapos ng pagbibigay ng pampakalma.

Ikaw at ang iyong anestesiko



Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagbibigay ng pampakalma, mangyaring tingnan ang aming leaflet na Sedation explained (Paliwanag sa pagbibigay ng pampakalma) na makikita sa aming website: rcoa.ac.uk/patientinfo/sedation

Mga anaesthetist

Ang mga anaesthetist ay mga doktor na may pagsasanay para sa espesyalista na:

- makikipagtalakay sa iyo tungkol sa uri o mga uri ng anestetik na naaangkop para sa iyong operasyon. Kung may mga mapagpipilian, tutulungan ka nilang
- talakayin ang mga panganib ng anestisya kasama ka
- tutulungan kang pumili ng plano na sasang-ayunan mo para sa iyong anestetik at pagkontrol ng pananakit pagkatapos ay
- ibibigay o igagawad nila sa iyo ang iyong anestetik at sila ay responsable para sa iyong kapakanan at kaligtasan sa buong panahon ng operasyon at sa silid para sa pagpapagaling (recovery room).

Maaari mo ring makilala ang mga Kasama sa Anestisya na mga lubos na sinanay na propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan. Mababasa mo ang higit pa tungkol sa kanilang tungkulin at pangkat ng anestisya sa aming website: rcoa.ac.uk/patientinfo/anaesthesia-team



Ang klinika para sa pagsusuri bago ang operasyon (pre-assessment clinic)

Kung mayroon kang nakaplanong operasyon, maaaring imbitahin ka sa isang klinika para sa pagsusuri bago ang operasyon ilang linggo o araw bago ang iyong operasyon. Minsan, para sa mas maliit na operasyon, tatawagan ka ng isang nars para magtanong ng ilang bagay.

Mangyaring dalhin ang:

- kasalukuyang reseta o dalhin ang iyong mga gamot sa buong lalagyan ng mga ito
- anumang impormasyong mayroon ka tungkol sa mga pagsusuri at paggamot sa ibang mga ospital
- impormasyon tungkol sa anumang problema na maaaring mayroon ka o ang iyong pamilya tungkol sa mga anestesiko
- anumang sukat ng presyon ng dugo na kinuha kamakailan.

Inirerekomendang ipasuri mo ang iyong presyon ng dugo sa doktor sa pagtistis o GP surgery kapag isinangguni ka ng iyong GP para sa operasyon. Sa paraang ito, kung mataas ang presyon ng iyong dugo, masisimulan ang paggamot nang maaga bago ang operasyon. Kailangan mo mang magsimula ng paggamot o hindi, makakatulong kung magdadala ka ng tala o anumang sukat ng presyon ng dugo na kinuha kamakailan.

Ikaw at ang iyong anestesiko

Sa klinika, ang mga nars ay:

- detalyadong magtatanong sa iyo tungkol sa iyong aktibidad at anumang problema sa pisikal na kalusugan at kalusugan ng pag-iisip
- magtatanong sa iyo tungkol sa iyong mga allergy at reaksiyon (mangyaring magdala ng mga detalye)
- gagawa ng tumpak na listahan ng mga gamot na iniinom o ginagamit mo, kasama ang mga gamot na pamatay-kirot
- magtatanong sa iyo kung ikaw ay naninigarilyo, umiinom ng alak, o gumagamit ng mga drogang panlibangan
- kukuha ng iyong timbang at magsusukat sa iyo
- kukuha ng presyon ng iyong dugo at susuriin ang bilis ng tibok ng iyong puso at mga antas ng oxygen
- makikinig sa iyong puso at dibdib kung kailangan
- magsasaayos ng anumang pagsusuri ng dugo kung kailangan
- magsasagawa ng ECG (isang pagsusubaybay sa puso)
- kukuha ng swab sa balat at/o ilong para suriin kung may anumang impeksiyon
- magpapayo sa kung anong gamot ang dapat mong inumin o gamitin sa araw ng iyong operasyon at anong pampatangal ng pananakit ang dapat mong ihanda sa bahay para sa iyong paggaling
- magbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa mga pagsasalin ng dugo kung sa tingin nila ay maaaring kailangan mo nito.



Palaging iniwasan ang mga pagsasalin ng dugo maliban kung kailangan ito. Makakahanap ka rin ng impormasyon sa website ng NHS: [nhsbt.nhs.uk/what-we-do/blood-services/blood-transfusion](https://nhs.uk/what-we-do/blood-services/blood-transfusion)



Mangyaring basahin ang aming leaflet na Anaesthesia explained (Paliwanag sa anestisyá) kung gusto mong magbasa ng mas detalyadong impormasyon tungkol sa anestisyá: rcoa.ac.uk/patientinfo/anaesthesia-explained

Bago pumunta sa ospital

Marami kang magagawa para ihanda ang iyong sarili para sa operasyon at sa panahon ng pagpapagaling.

- Kung naninigarilyo ka, sa pamamagitan ng paghinto nito ilang linggo bago ang operasyon, mababawasan ang mga problema sa paghinga sa panahon ng pagbibigay ng iyong anestesiko at sa operasyon mo.
- Kung nakakaranas ka ng obesity o labis-labis na timbang ng katawan, sa pamamagitan ng pagbabawas ng timbang, mababawasan ang marami sa mga karagdagang panganib na hinaharap mo sa panahon ng pagbibigay ng iyong anestesiko at sa operasyon mo. Ginagawa din nitong mas madali ang operasyon.

Ikaw at ang iyong anestesiko

- Kung mayroon kang maluluwang na ngipin o crown, mababawasan ng pagbisita sa iyong dentista bago ang operasyon ang panganib na mapinsala ang iyong mga ngipin sa panahon ng pagbibigay ng anestesiko.
- Kung mayroon kang matagal na problemang medikal na sa palagay mo ay hindi mabuting nakontrol (hal., diabetes, hika o bronchitis, mga problema sa thyroid, matagal at hindi gumagaling na pananakit o mga problema sa puso), tanungin sa iyong GP surgery kung mayroon kang magagawa para pagbutihin ito.
- Mahalaga ring isaalang-alang mo ang anumang alalahanin sa kalusugan ng pag-iisip tulad ng pagkabalisa at depresyon, dahil maaari din itong magdulot ng kaibahan sa iyong operasyon at paggaling.
- Sa pamamagitan ng pagdaragdag ng iyong aktibidad ilang linggo bago ang iyong operasyon, mapapabuti mo ang paggana ng iyong puso at mga antas ng kalusugan ng buong katawan. Ipinapakita ng mga pag-aaral na malaki ang maaaring maidulot na kaibahan nito sa iyong paggaling mula sa operasyon.
- Pinakamainam na maghanda nang maaga para sa iyong paggaling sa bahay pagkatapos at ipaalam sa iyong mga kaibigan at pamilya kung paano sila pinakamainam na makakatulong sa iyo. Isipin kung ano ang kakainin mo at kung kailangan mong gumawa ng anumang pagbabago sa bahay para gawing mas madali ang iyong paggaling.
- Kung babalik ka sa bahay sa parehong araw na nakatanggap ka ng pangkalahatang anestesiko o binigyan ka ng pampakalma, kailangan mong magtalaga ng responsableng tao na nasa hustong gulang na maghahatid sa iyo sa bahay gamit ang sasakyan o taxi at mananatiling kasama mo nang hanggang 24 na oras. Makikita sa aming website ang impormasyon para sa mga nag-aalaga ng taong kakatanggap lamang ng pangkalahatang anestesiko o pampakalma: rcoa.ac.uk/patientinfo/sedation
- Mahalagang isipin kung paano ang pinakamainam na paraan para makapagpahinga ka sa araw ng iyong operasyon dahil maaaring kailangan mong maghintay bago ang iyong operasyon. Maaaring makatulong ang mga magasin, puzzle, o pakikinig sa musika gamit ang earphones.



Ang aming mapagkukunan sa Fitter Better Sooner ay magbibigay sa iyo ng impormasyong kailangan mo para maging mas angkop ang iyong katawan at mas maging handa para sa iyong operasyon. Mangyaring pumunta sa aming website para sa higit pang impormasyon: rcoa.ac.uk/fitterbettersooner



Ikaw at ang iyong anestesiko

Sa araw ng iyong operasyon

Dapat kang bigyan ng ospital ng mga malinaw na tagubilin tungkol sa pagkain at pag-inom. Mahalaga ang mga tagubiling ito. Kung may pagkain o inumin sa iyong tiyan sa panahon ng pagbibigay ng anestisya, maaari itong umakyat sa lalamunan at mga baga at magdala ng panganib sa iyong buhay.

Kung mayroon kang **diabetes**, mangyaring tanungin sa iyong ospital ang tungkol sa kung **kailan dapat huminto sa pagkain at pag-inom at kung paano mo dapat inumin o gamitin ang iyong gamot** sa araw ng iyong operasyon.

Kung naninigarilyo ka, hindi ka dapat manigarilyo sa araw ng iyong operasyon, dahil binabawasa nito ang dami ng oxygen sa iyong dugo. Hindi ka rin dapat mag-vape.

Kung umiinom o gumagamit ka ng gamot, dapat mong sundin ang mga partikular na tagubilin mula sa pangkat ng pagsusuri bago ang operasyon tungkol sa kung paano inumin o gamitin ang mga iyon sa araw ng operasyon. Papayagan kang sumipsip ng tubig para mainom ang anumang tableta kung kinakailangan.


Kung iinom o gagamit ka ng anumang gamot na 'pampanipis ng dugo' tulad ng warfarin, clopidogrel o rivaroxaban, kakailanganin mong talakayin kasama ang iyong konsultant o pangkat sa pagsusuri bago ang operasyon kung dapat o kailan mo dapat itigil ang mga iyon. Titingnan nila ang anumang panganib ng pagdurugo at mga panganib ng paghinto sa paggamot at gagawa sila ng plano kasama mo. Bibigyan ka ng nars ng mga malinaw na tagubilin bago ang iyong operasyon.

Kung hindi mabuti ang pakiramdam mo sa oras na dapat kang pumunta sa ospital, mangyaring tumawag sa ward para sa payo.

Mangyaring tanggalin ang lahat ng pampakulay o gel sa kuko bago pumunta sa opsital. Tinitiyak nito na gumaganang mabuti ang clip sa iyong daliri para sukatin ang mga antas ng oxygen sa panahon ng pagbibigay sa iyo ng anestesiko.

Pakikipagpulong sa iyong anaesthetist

Makikipagpulong sa iyo ang iyong anaesthetist bago ang operasyon. Maaaring ganapin ito sa klinika para sa pagsusuri bago ang operasyon o sa araw ng operasyon. Tatalakayin nila ang uri ng anestesiko na maaaring ibigay sa iyo, kasama ang mga benepisyo, panganib at iyong mga kagustuhan.

- 
- ✔ Kailangan ko ba ng pangkalahatang pagpapamanhid?
 - ✔ May mga pagpipilian ba?
 - ✔ Ano ang maipapayo mong pagpapamanhid?
 - ✔ Ano ang mga panganib ng ganitong uri ng pagpapamanhid?
 - ✔ Ako ba ay may mga hindi pangkaraniwang panganib?
 - ✔ Anong uri ng pagbawas ng pananakit ang kakailanganin ko?
 - ✔ Ano ang mararamdaman ko pagkatapos?

Ikaw at ang iyong anestesiko

Pagpapasiyahan nila kasama mo kung aling anestesiko ang pinakamainam para sa iyo. Hindi lahat ng uri ng anestisyaya ay naaangkop para sa lahat ng uri ng operasyon.

Kung mayroong pagpipiliang anestesiko, ang desisyon sa kung alin ang gagamitin ay ibabatay sa:

- operasyong isasagawa sa iyo at anumang medikal na problema
- mga partikular na panganib sa iyo
- mga kagustuhan mo at mga dahilan para sa mga iyon
- rekomendasyon at mga partikular na kasanayan ng anaesthetist
- kagamitan, tauhan, at mga mapagkukunan sa ospital

Mga tanong na maaaring gusto mong itanong sa iyong anaesthetist o nars

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa iyong anestesiko, isulat ang mga iyon isaalang-alang ang mga halimbawa. Kung gusto mong makipag-usap sa isang anaesthetist bago ang araw ng iyong operasyon, makipag-ugnayan sa pangkat sa pagsusuri bago ang operasyon na maaaring makapag-ayos para iyong makausap ang anaesthetist sa telepono o makita siya sa klinika.

Paghahanda para sa iyong operasyon

Bibigyan ka ng iyong nars ng gown para sa ospital para iyong suotin at tatalakayin niya kung aling damit-panloob ang maaari mong suotin. Karaniwang magsusuot ka ng mga elastikong stocking para bawasan ang panganib ng pagkakaroon ng mga pamumuo ng dugo sa iyong mga binti. Magkakabit ang iyong nars ng mga band ng pagkakakilanlan sa iyong pulsuhan o bukong-bukong at sa ilang ospital, nagkakabit ng karagdagang band kung mayroon kang anumang allergy.

Ang paunang gamot (isang 'pre-med') ay binibigay minsan bago ang ilang anestesiko. Ang mga pre-med ay naghahanda sa iyong katawan para sa operasyon – maaari nilang simulan ang pantanggal ng pananakit, bawasan ang asido sa tiyan, o tulungang guminhawa ang iyong pakiramdam.

Magsasagawa ang nars ng pagsusuri upang malaman kung ikaw ay buntis gamit ang sample ng ihin kung ikaw ay nasa edad na maaaring mabuntis. Isa itong karaniwang gawain.

Dapat mong tanggalin ang alahas at/o anumang palamuting pagpapabutas o piercing. Kung hindi mo ito matanggal, tatakpan ito ng nars ng tape para maiwasang mapinsala ito o ang iyong balat. Karaniwang maaaring suotin ang singsing na pangkasal.

Kapag tinawag ka para sa iyong operasyon

- Sasamahan ka ng tauhan patungo sa kuwarto para sa operasyon.
- Karaniwang maaari mong suotin ang iyong salamin, mga hearing aid, at pustiso hanggang makarating sa kuwarto para sa anestesiko. Maaari mong isuot ang mga bagay na iyon kung hindi ka bibigyan having ng pangkalahatang anestesiko.

Ikaw at ang iyong anestesiko

- Kung bibigyan ka ng lokal o rehiyonal na anestesiko, maaari mong dalhin ang iyong sariling elektronikong device, nang may headphones para gamitin sa pakikinig ng musika (tanungin muna sa iyong nars).
- Maaari kang maglakad patungo sa kuwarto para sa operasyon, nang may kasamang miyembro ng tauhan, o maaari kang pumasok nang nakasakay sa wheelchair o sa isang kama o trolley. Kung maglalakad ka, maaari kang magsuot ng iyong sariling dressing gown at tsinelas.

Isasagawa ang mga rutinang pagsusuri pagkarating mo sa departamento ng pag-oopera, bago simulan ang anestesiko. Tatanungin sa iyo ang iyong pangalan, petsa ng iyong kapanganakan, ang operasyon na isasagawa sa iyo, kung sa kaliwa o sa kanan (kung naaangkop), kung kailan ka huling kumain o uminom, at kung mayroon kang anumang allergy. Karaniwang ginagawa ang mga pagsusuring ito sa lahat ng mga ospital.

Pagsisimula ng anestesiko

Maaaring simulan ang iyong anestesiko sa kuwarto para sa anestesiko o sa kuwarto para sa operasyon. Magtatrabaho ang iyong anaesthetist kasama ang isang sinanay na assistant. Magkakabit ang anaesthetist o ang assistant ng mga pangkabit sa mga makina para sukatin ang bilis ng tibok ng iyong puso, presyon ng dugo, at mga antas ng oxygen at anumang iba pang kagamitan kung kinakailangan.

Gagamit ng cannula, isang maliit na plastik na tubo na ipinapasok sa iyong ugat gamit ang karayom, para simulan ang karamihan sa mga anestesiko sa mga taong nasa hustong gulang, kasama ang lokal na anestesiko. Pagkatapos ay maaari nang ibigay ang lahat ng mga gamot sa iyong ugat gamit ang cannula. Kung mayroon kang anumang alalahanin tungkol dito, mangyaring makipag-ugnay sa iyong anaesthetist.

Mga lokal at rehiyonal na anestesiko

Kung bibigyan ka ng lokal o rehiyonal na anestesiko:

- hihilingin sa iyo ng iyong anaesthetist na huwag kang gumalaw habang binibigay ang mga iniksiyon. Maaaring mapansin mo ang maligamgam at parang tumutusok na pakiramdam habang nagsisimulang magkaroon ng bisa ang anestesiko
- ipagpapatuloy lamang ang iyong operasyon kapag tiyak ka na at ang iyong anaesthetist na manhid na ang bahagi
- mananatili kang alerto at may kamalayan sa iyong paligid, maliban kung binibigyan ka ng pampakalma. May screen na maaaring magharang para hindi mo makita ang operasyon, malibang kung gusto mo
- para sa mga rehiyonal na anestesiko, palaging may miyembro ng pangkat ng anestisya na malapit sa iyo at maaari mo siyang kausapin tuwing gusto mo.

Ikaw at ang iyong anestesiko

Mga pangkalahatang anestesiko

Mayroong dalawang paraan para simulan ang isang pangkalahatang anestesiko:

- maaaring iniksiyunin ang mga anestesiko na gamot sa ugat sa pamamagitan ng cannula. Karaniwang itong ginagamit para sa mga taong nasa hustong gulang at mas kontrolado ito
- malalanhap mo ang mga anestesiko na gas at oxygen sa pamamagitan ng mask, na maaari mong hawakan kung gusto mo. Pagkatapos mong mawalan ng malay, maglalagay ang anaesthetist ng cannula.

Kwarto para sa pagpapagaling (recovery room)

Pagkatapos ng operasyon, karaniwang dadalhin ka sa isang kuwarto para sa pagpapagaling. Titiyakin ng tauhan sa pagpapagaling na komportable ka hangga't maaari at bibigyan ka ng karagdagang gamot na maaaring kailangan mo. Kapag kontento na sila na ligtas ka nang gumaling mula sa iyong anestesiko at mayroon nang kamang magagamit, ihahatid ka na pabalik sa ward.

Pagpawi ng pananakit habang may operasyon

Ang uri at dami ng pagpawi ng pananakit na iaalok sa iyo ay nakasalalay sa operasyong isasagawa sa iyo at sa mga antas ng iyong pananakit pagkatapos ng operasyon. Mayroong mga taong mas nangangailangan ng pagpawi ng pananakit kumpara sa iba.

Sa pangkalahatan, dapat asahan ang kaunting antas ng pananakit o kawalan ng kaginhawaan sa panahon ng iyong paggaling. Maaaring napakahusay ng mas malalakas na painkiller sa pagpawi ng pananakit, ngunit maaaring may mga side effect ang mga ito, tulad ng pagduruwal, kahirapang dumumi, at pagkagumon sa pangmatagalan.

Paminsan-minsan, ang pananakit ay isang babalang palatandaan na hindi mabuti ang lahat, kaya dapat mo itong laging iulat sa iyong mga nars at humingi sa kanila ng payo at tulong.

Narito ang ilan sa mga paraan para mapawi ang pananakit:

- **mga pildoras, tableta o likido para inumin** – ginagamit ang mga ito para sa lahat ng uri ng pananakit. Karaniwang umaabot sa hindi bababa sa kalahating oras bago gumana ang mga iyon. Kailangang may kakayahan kang kumain, uminom, at hindi wala ka dapat pakiramdam ng pagkakasakit para gumana ang mga gamot na ito
- mga iniksiyon – maaaring binibigay ito sa iyong ugat (sa pamamagitan ng iyong cannula papasok sa ugat para sa mas mabilis na epekto) o sa kalamnan (sa kalamnan sa iyong binti o puwit gamit ang karayom, na aabot sa 20 minuto bago gumana)
- **mga suppository** – ang mga madulas na butil o pellet na ito ay inilalagay sa iyong tumbong o rectum (daanan sa puwit). Natutunaw ang butil at pumapasok ang gamot sa katawan. Ginagamit ito kapag hindi ka makalulon o kung ikaw ay nasusuka
- **patient-controlled analgesia (PCA)** – isang makinang may talapindutan na kapag iyong pinindot, may kaunting malakas na gamot laban sa pananakit ang maidadala sa iyong tubo. Ito ay nakaprograma upang makasigurong hindi sobra sa husto ang ibibigay mo sa iyong sarili. Pinahihintulutan ka ng PCA na magkaroon ng direktang kontrol sa pagpapaginhawa ng sakit na nararamdaman mo

Ikaw at ang iyong anestesiko



- mga pampamanhid – ang mga pampamanhid na ito ay ginagamit upang maibsan ang sakit pagkatapos ng operasyon. Makikita ang iba pang impormasyon sa ating polyeto na Epidural pain relief after surgery na makikita sa ating website:
rcoa.ac.uk/patientinfo/leaflets-video-resources

Pagpawi ng pananakit pagkalabas sa ospital

Kahit ikaw ay mabigyan ng gamot laban sa pananakit paglabas ng ospital, mainam pa ring bumili ng mga gamot na handang mabili sa botika. Kung kinakailangan mo pa rin ang mga ito dalawang linggo pagkatapos lumabas sa ospital, makipagugnay agad sa iyong doktor.

Maaari kang pagamitin sa bahay ng mala-morpinang pangontra sa pananakit pagkatapos ng iyong operasyon. Mahalagang bawasan o ihinto ang paggamit ng mga gamot na ito sa lalong madaling panahon dahil nakakapahamak ang tuloy-tuloy na paggamit nito.

Panganib at anestisyá

Ipinapakita ng infographic sa bahaging ito ang mga karaniwang pangyayari at panganib na maaaring kaharapin ng mga malulusog at nasa-gulang na pasyente na may katamtamang timbang kapag nagkakaroon ng pangakabuuang pagpapamanhid para sa karaniwang operasyon (iba-ibang panganib ang kinakaharap ng mga espesyalistang operasyon).

Ligtas ang mga makabagong pagpapamanhid. May mga pangkaraniwang epekto ang mga gamot na pampamanhid o ang mga kaukulang kagamitan, na kadalasan ay hindi seryoso o tumatagal. Iba-iba ang panganib sa bawat tao at depende ito sa pamamaraan ng ginamit na pagpapamanhid.

Tatalakayin ng iyong tagapagpamanhid ang mga panganib na maaaring makakaapekto sa iyo. May mga hindi pangkaraniwang panganib na hindi na tatalakayin ng iyong tagapagpamanhid maliban kung malaki ang panganib sa iyong kaso. Hindi na ito kabilang sa polyeto na ito.

Ikaw at ang iyong anestesiko

Tatalakayin sa iyo ng iyong anaesthetist ang mga panganib na sa tingin nila ay magiging mas makabuluhan para sa iyo. May mga iba pang mas pambihirang peligro na karaniwan ay hindi na tinatalakay ng iyong anaesthetist maliban na lang kung sa tingin nila ay mas mataas ang panganib mo para sa mga ito. Ang mga peligrong iyon ay hindi ipinakita sa polyeto.



Karaniwan – higit sa 1 sa bawat 10
Katumbas ng isang tao sa iyong pamilya



Pagkakasakit



Panginginig



Pagkauhaw*



Pananakit ng lalamunan



Madaling magkapasa



Pansamantalang pagkawala ng alaala (para sa mga 60 gulang pataas)



Karaniwan – pagitan ng 1 sa bawat 10 at 1 sa bawat 100
Katumbas ng isang tao sa daan



Pananakit sa iniksyunang lugar*



Maliit na pinsala sa labi o dila



Hindi karaniwan – sa pagitan ng 1 sa bawat 100 at 1 sa bawat 1,000
Katumbas ng isang tao sa isang pook



Maliit na pinsala sa mga pandama



Pambihira – pagitan ng 1 sa bawat 1,000 at 1 sa bawat 10,000
Katumbas ng isang tao sa isang maliit na pook



1 sa bawat 1,000
Permanenteng pinsala sa peripheral na pandama



1 sa bawat 2,800
Corneal abrasion (sugat sa mata)



1 sa bawat 4,500
Pinsala sa ngipin na kailangang gamutin



1 sa bawat 10,000
Anaphylaxis (malubhang allergic reaction sa droga)



Higit na pambihira – 1 sa bawat 10,000 hanggang 1 sa bawat 100,000 o higit pa
Katumbas ng isang tao sa isang malaking pook



Ang mga pang-araw-araw na panganib, **katulad ng pagbabahe sa kalsada**, ay mas mataas kaysa mga panganib sa baba.



1 sa bawat 20,000
Pagkagising habang nagmamahid



1 sa bawat 100,000
Pagkabulag



1 sa bawat 100,000
Kamatayan bilang direktang resulta ng pagpapamanhid

*Ang unang Sprint National Anaesthesia Project (SNAP-1) Study. Br J Anaesth 2016 (<https://academic.oup.com/bja/article/117/6/758/2671124>).



Kung nais mong magbasa ng higit pang impormasyon sa mga pangyayari at panganib, hanapin ang mga polyeto ng bawat panganib sa aming website: rcoa.ac.uk/patientinfo/risks/risk-leaflets

Maaaring mai-download ang infographic sa taas sa pamamagitan ng link sa taas.

Ikaw at ang iyong anestesiko

Sinisikap naming tiyaking tumpak at napapanahon ang impormasyon sa polyetong ito, ngunit hindi namin ito magagarantiya. Hindi namin inaasahan na masasagot ng pangkalahatang impormasyon na ito ang lahat ng posibleng tanong mo o na matatalakay nito ang lahat ng maaaring mahalaga para sa iyo. Dapat mong talakayin ang iyong mga desisyon at anumang alalahanin mo sa iyong medikal na team, gamit ang polyetong ito bilang gabay. Hindi dapat ituring na payo ang polyetong ito. Hindi ito maaaring gamitin para sa anumang layuning komersyal o pangnegosyo. Para mabasa ang buong disclaimer, mag-click [dito](#).

Gawa ang lahat ng pagsasalin ng komunidad ng mga tagasalin ng Translators Without Borders. Sinusuri ang kalidad ng mga pagsasaling ito para masigurong tumpak hangga't maaari ang mga salin, ngunit maaaring magkaroon ng mga hindi tumpak na salin at maling pagpapakahulugan sa ilang impormasyon.

Sabihin sa amin ang iyong palagay

Malugod kaming tumatanggap ng mungkahi para pagbutihin ang polyeto.

Ipadala ang iyong mga puna sa: patientinformation@rcoa.ac.uk

Royal College of Anaesthetics

Churchill House, 35 Red Lion Square, London WC1R 4SG

020 7092 1500

rcoa.ac.uk



Ikalimang Paglimbag, Pebrero 2020

Muling susuriin ang polyeto na ito sa loob ng tatlong taon mula sa pagkakalimbag.

© 2020 Royal College of Anaesthetists

Maaaring kopyahin ang polyeto na ito upang magpalaganap ng impormasyon para sa mga pasyente. Mangyaring banggitin ang orihinal na pinagkunan. Kung nais mong gumamit ng bahagi ng polyeto na ito sa ibang paglalathala, dapat magbigay ng angkop na pagkilala at tanggalin ang mga marka at imahe. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnay sa amin.